**Linggo sa Karaniwang Panahon (Taon A)**
Is 8,23–9,3; 1 Cor 1,10–13.17; Mt 4,12–23
**"Ang Pagtawag ni Kristo: Sama-samang Paghakbang Mula sa Kadiliman Patungo sa Liwanag."**

## PANIMULA

Maraming taon na ang nakalilipas, isang batang trapesista ang naghanda para sa pinakamalaking pagtalon niya sa kanyang buhay. Ilang buwan siyang nagsanay, ngunit sa araw ng pagtatanghal, naunahan siya ng takot. Sa sandaling binitawan niya ang trapesiyo, napagtanto niyang hindi niya maaabot ang susunod na barang nakabitin. Napasinghap ang mga tao. Ngunit may lambat sa ilalim niya—matibay, matatag, at handang sumalo sa kanya. Nasalo siya nito. Nailigtas siya nito.

Sa Ebanghelyo ngayon, tinatawag ni Jesus ang mga mangingisda na tumalon—iwan ang mga bangka, lambat, at nakasanayang gawain. Humakbang ang mga ito na walang katiyakan, magtiwala lamang sa lambat ng Diyos—ang Kanyang presensya, gabay, at pag-ibig—ang magtataguyod sa kanila.

Ngayong araw na ito, muli ang Panginoon Jesus ay tumatayo sa ating harapan, inaanyayahan niya tayong sundan ang Kanyang liwanag, iwanan ang dilim na nakakapit sa atin, at magtiwala sa nagliligtas na lambat ng Kanyang biyaya.

Maghanda tayo na pakinggan ang Kanyang pagtawag.

## HOMILIYA: "Pagsunod sa Liwanag – Pagtawag sa Sama-samang Paglalakbay"

Ilang taon na ang nakalilipas, nakabasa ako ng isang kuwento tungkol sa isang batang lalaki na trapesista, siya'y anak ng isang nangaling sa mahabang hanay ng mga tagapagtanghal. Nais niyang maging trapesista katulad ng kanyang mga ninuno. Mula pagkabata, isinasama na siya ng kanyang ama sa trapesta, tinuturuan siya nitong umindayong nang ligtas habang hawak ang mga kamay ng kanyang nakatatandang kapatid. Ngunit sa araw ng kanyang unang pagtalon ng mag-isa, tinakpan nila ang kanyang mga mata at walang lambat na sasalo sa kanya—ang tanging inaasahan niya ay ang kapatid niya na sasalo sa kanya. Nang tumalon siya, kalahati lamang ang naabot niya. Nataranta ang mga manonood. Maaari sana siyang nahulog at bumagsak, ngunit sa huling sandali, iniunat ng kanyang ama ang lambat sa ilalim niya. Siya ay nailigtas.

Ang buhay ng tao ay katulad ng pagtalon na iyon. Nakikipagsapalaran tayo, humahakbang tayo sa walang kasiguraduhan, at kung minsan pakiramdam natin ay nahuhulog na tayo. Ngunit ang Diyos Ama, sa Kanyang awa at tulong, ay nagbigay sa atin ng lambat—na siyang ating kaligtasan at sandigan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo at ng Simbahan, na sumasalo sa atin kapag tayo'y nadadapa.

## 1. Sama-samang Paglalakbay

Ang tanong na “Paano ako magsisimula?” ay tanong nating lahat sa iba’t ibang yugto ng ating buhay. Napakahalaga na malaman kung paano natin sinisimulan ang isang bagay. Ang maling pagsisimula ay maaaring magdulot ng kahirapan sa ating paglalakbay o kaya’y gawin itong imposible. Kung inyong naaalala ang buwis sa gasolina na napagpasyahan noong nakaraang taon at agad ding binawi? Ang pagsisimula nang walang pag-iingat ay maaaring magpabagsak sa lahat ng bagay. Sabi nga minsan: “Ang pagsimula ang siyang magdadala sa iyo.”

Sa Ebanghelyo ngayong araw, si Jesus ay nasa simula ng Kanyang pampublikong misyon. Hindi Siya nagsimula sa mga sentro ng kapangyarihan, kundi sa Galilea, sa piling ng mga pangkaraniwang tao—mga mangingisda, mga taong batid ang realidad ng buhay. Hinahanap ni Hesus ang mga alagad na batid at alam ang buhay, na nakaapak palagi ang mga paa sa lupa, at marunong makibahagi sa tuwa at pasanin ng kanyang kapwa. Maganda ang sinabi ng Ikalawang Konsilyo ng Vaticano: “Ang mga kagalakan at pag-asa, ang mga dalamhati at pagkabalisa ng mga tao sa panahon ngayon... ay siya ring mga kagalakan at pag-asa, dalamhati at pagkabalisa ng mga alagad ni Kristo. At walang tunay na makataong karanasan kung hindi ito nahahanap ang alingawngaw sa kanilang mga puso.”

Pinili rin ni Jesus ang mga marunong makipagtrabaho sa iba. Ang pangingisda ay gawain ng isang nagtutulungang grupo; gayundin ang pagtatayo ng Kanyang Simbahan. Tinatawag Niya ang mga handang maglakbay nang magkakasama, marunong makipagtalakayan at makipagkasundo nang hindi nalilihis sa layunin. Ito ang diwa ng sinodalidad—ang “sabay-sabay na paglalakbay” (syn + odos). Ang Simbahan ay nilikhang maglakbay bilang iisang katawan, at ang simulaing ito’y nagpapaalala na walang Kristiyanong dapat na maglakbay nang mag-isa.

## 2. Magsisi Kayo, Sapagkat Malapit na ang Pagdating ng Kaharian ng Langit

Ang mensahe ni Hesus ay simple ngunit malalim: “Magsisi kayo, sapagkat malapit na ang Pagdating ng Kaharian ng Langit!” Paulit-ulit Niyang itinuturo ang Kahariang ito sa pamamagitan ng mga talinhaga, mga aral, at sa pagsusugo sa Kanyang mga alagad upang ipahayag ito sa madla.

Ngunit ano nga ba talaga ang kahulugan ng “Kaharian ng Langit”? Kung sa literal natin kukunin, ito’y nangangahulugang paghahari ng Diyos—ang pamamahala ng Diyos. Kapag sinasabi ni Hesus na malapit na ang Kaharian, ipinahahayag Niyang: “Nagsimula na ang paghahari ng Diyos!” Ang Diyos ang tunay na namumuno, siya ang nagbibigay ng buhay, pagtalima, mga himala, at pangangalaga sa mundo.

Para sa mga tao ng Israel, ito'y rebolusyonaryo. Sa loob ng maraming siglo, naranasan nila ang pagka destyero, pananakop, at pagkawala. Tila napakalayo ang paghahari ng Diyos. Ngunit kay Hesus, ito'y nasasalat: ganap na pagsunod sa Diyos Ama, mga mahimalang pagpapagaling, at ang pagbabalik ng pag-asa at buhay. Ang buhay ng Kristiyano, na nakaugat sa Kaharian ng Diyos, ay hindi kailanman nakakabagot—ito'y kapana-panabik. Kaya ang pagsisisi ay hindi lamang pag-amin ng ating kasalanan—ito'y pagtalikod sa makasariling pamumuhay at pagharap sa pamumuhay na nakasentro sa Diyos.

### 3. Kaligtasan para sa Magulong Lupain

Nagsalita si Isaias tungkol sa Zebulun at Naphtali, mga lupang "nakaupo sa kadiliman," at nangakong darating ang makinang na liwanag. Pagkalipas ng maraming siglo, dito mismo sinimulan ni Hesus ang Kanyang ministeryo. Nagsimula Siya kung saan ang mga tao ay nahihirapan, kung saan ang buhay ay madilim at tila wala nang pag-asa. Dala Niya ang liwanag, buhay, at kaligtasan, tulad ng bituing gumabay sa mga Mago upang mahanap ang bagong silang na si Kristo.

Likas na nagmumula sa pagtagpo sa kaligtasang ito ang pagsisisi. Hindi hinihingi ni Hesus ang pagpapakasakit gaya ni Juan; bagkos ay hinihingi Niya ang pananampalataya natin at ang ating kahandaang pagsunod sa Kaniya. Binabago ng Kanyang presensya ang desesperasyon tungo sa pag-asa, ang pagkatakot tungo sa katapangan, at ang kasalanan tungo sa kapatawaran.

Pinagpapatunay ng pagtawag sa mga unang alagad—sina Pedro, Andres, Santiago, at Juan and prinsipyong ito. Agad na nagbago ang kanilang buhay. Iniwan nila ang kanilang mga lambat at pang-araw-araw na gawain upang sumunod kay Hesus. Itinuturo sa atin ng kanilang pagtugon na ang pagiging alagad ay nangangailangan ng pagiging maagap, paninindigan, at pagtitiwala.

### 4. Ang Mariing Paalala ni Pablo sa Simbahan

Ang mga sulat ni Apostol Pablo sa mga taga-Korinto ay nagpapaalala sa atin ng isang mahalagang katotohanan: hindi maaaring hatiin si Cristo. Nuong nawala ang kanyang masigasig na paggabay, nagkaroon ng alitan at pangkatin. Sa panahon ngayon, maaari din tayong paghiwa-hiwalayin din tayo ng likas na kahinaan ng tao at mga hamon sa ating samahan. Ngunit binibigyang-diin ni Pablo na ang dapat ating pamantayan ay palaging si Hesu-Kristo at ang Kanyang mensahe, hindi and ating personal na katanyagan o ambisyon.

Sa gitna ng ating hidwaan, paguusap, at pag-aayos, dapat manatiling nakatuon ang ating pansin sa paghahari ng Diyos, hindi sa ating pagtatalo. Ang pagiging alagad ay laging nakaugat sa katapatan natin kay Kristo, hindi sa mga pakana ng mga tao.

### 5. Ang Kapangyarihan ng Isang Pagsisimula

Isinulat minsan ni Hermann Hesse: “At bawat pagsisimula ay may taglay na kababalaghan na nagkakanlong sa atin at tumutulong upang tayo’y mabuhay…”

Ang pampublikong ministeryo ni Hesus ay nagsisimula sa ugnayan, hindi sa doktrina. Tinawag Niya ang mga karaniwang mangingisda at nagtiwala Siya sa kanilang kakayahan at kalooban. Sinasabi Niya: “May magagawa ka. Hindi ka nag-iisa.” Ang pagtawag sa mga alagad ay nagpapaalala sa atin na ang pananampalataya ay nagsisimula sa mga paguugnayan—sa pagtitiwala natin kay Hesus at sa pagtitiwala rin sa mga kasamahan nating tinawag upang maglakbay kasama natin.

Mahalaga ang pagkakaugnay—tulad ng lambat na humuhuli at sumasalo sa mga isda. Ang buhay ng Kristiyano na hiwalay sa komunidad ay hindi ganap na pamumuhay. Mas malakas at mas mabisa tayo kapag magkakasamang ipinapasa natin ang liwanag ng Diyos Ama sa iba.

### 6. Paghahagis ng mga Lambat

Katulad ng batang lalaking trapesista na tumalon sa walang katiyakan, tayo din ay tinatawag na humakbang na may pananampalataya. Tinatawag ni Hesus ang mga pangkaraniwang tao para sa mga pambihirang gawain—para makabuo ng lambat na nagliligtas ng buhay, espirituwal man o praktikal. Hindi Niya tayo pinapupunta nang mag-isa. Sa pagsunod sa Kanya, ang Simbahan ay nagiging lambat na sumasalo sa mga maaaring mahulog ang kalooban sa kawalan ng pag-asa.

Ang ating mga lambat—ang ating mga komunidad, parokya, at pagtutulungan sa isa’t isa—ay nagliligtas ng buhay. Ang bawat pananampalataya, kabutihan, o panalangin ay isang hibla ng lambat na iyon.

### 7. Zebulun at Naphtali: Mga Aral Para sa Panahon Ngayon

Madalas tila hinihingi ng pagtagumpay sa buhay ng isang tao ang pag-alis sa laylayan patungo sa sentro ng kapangyarihan.  Ngunit pinili ni Jesus ang “maling” lugar, ang mga “maling” tao, at ang tila imposibleng misyon.

Nagsimula Siya sa dilim upang magdala ng liwanag. Tayo ay tinatawag din na magdala ng liwanag sa ating sariling mga sulok ng mundo—sa mga nakalimutang komunidad, napabayaang mga pamilya, o sa mga hindi napapansing lugar ng ating mga trabaho. Maaaring gamitin ng Diyos ang sinuman upang itatag ang Kanyang Kaharian. Ang pagsisisi at pagsunod sa Kanya ang nakapagpapabago ng mg pangkaraniwang buhay upang maging kasangkapan ng kaluwalhatian ng Diyos.

### 8. Kadiliman at Liwanag

Maraming anyo ang kadiliman: kamatayan, karamdaman, adiksiyon, kawalan ng pag-asa. Ngunit kay Hesu-Kristo, sumisinag ang liwanag sa bawat anino. Siya’y

nagpapagaling, nagpapatawad, at nagpapanumbalik. Tinatanggap ng bawat isa sa atin ang liwanag na ito sa ating pagkabinyag at tinatawag tayo na ipasa natin ito sa iba.

Kapag sinusundan natin si Hesus, dinadala natin ang Kanyang liwanag sa mundo. Tulad ng mga alagad na iniwan ang kanilang mga lambat, humakbang tayo pasulong, na nagtitiwala sa Kanyang kapangyarihan at sa suporta ng komunidad. Hindi tayo kailanman nag-iisa.

**9. Bokasyon: Pagdinig sa Pagtawag ng Diyos Sa Ating Kasalukuyan**

Ang bokasyon ng isang tao ay hindi lamang propesyon; ito ay isang pagtawag. Tinatawag ni Hesus ang bawat isa sa atin—mga karaniwang tao—na makibahagi sa Kanyang misyon. Katulad ng pagtawag Niya sa mga mangingisda ng Galilea, tinatawag Niya ang mga guro, magulang, estudyante, manggagawa—sinuman na handang tumugon sa Kanyang pagtawag.

Narinig ni Santa Teresa ng Calcutta ang daing ng mga naghihingalo bilang pagtawag ni Hesus. Hanggang ngayon, patuloy Siyang tumatawag sa pamamagitan ng mga pangyayari sa ating buhay, mga tao, at pangangailangan sa ating mundo. Kailangan nating makinig, tumugon, at maging handang humakbang palabas, at iwanan ang mga lumang lambat natin.

Ang isang bokasyon ay nagpapatuloy. Maaaring magbago ang anyo, ngunit nananatili ang pagtawag. Ang bawat paglilingkod, pananalangin, at katapatan ay ambag natin sa paghahari ng Diyos sa mundo.

Balikan natin ang batang lalaki na trapesista. Nakakatakot ang kanyang pagtalon at muntikan na siyang nahulog at bumagsak. Ngunit sinalo siya ng lambat ng kanyang ama. Ngayon, tinatawag tayo ng Diyos na tumalon patungo sa paglilingkod, sa pagiging alagad, sa liwanag ng Kanyang Kaharian. Maaaring tayong madapa; maaaring makaramdam tayo ng kakulangan. Ngunit ang lambat ni Hesus, na hinabi sa pagkakaugnayan, pag-ibig, at pananampalataya, ang sasalo at sasagip sa atin.

Lakasan natin ang ating mga loob. Magsisi tayo sa ating mga kasalanan, sumunod, at magtulungan tayo upang madala natin ang liwanag ng Diyos sa kadiliman. Magtiwala tayo na, sa bawat hakbang, sa bawat simula, magniningning ang Kanyang Kaharian sa pamamagitan natin. **Amen.**

- Translated from English by Mr. William Valdrez